

Pang-aabuso sa Nakatatanda



Ang buklet na ito ay binuo para sa mga Albertans na nais na malaman ang tungkol sa batas na nauugnay sa pang-aabuso sa matanda. Nagbibigay ito ng ligal na impormasyon sa Batas ng Alberta lamang. Hindi ito nagbibigay ng ligal na payo. Kung kailangan mo ng mas detalyadong impormasyon, isaalang-alang ang isang self-help publication o humihingi ng payo ng abugado.



HINDI ka dapat umasa sa booklet na ito para sa ligal na payo. Nagbibigay lamang ito ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa batas ng Alberta. **2020**

PAGTATANGGI

Ang mga nilalaman ng booklet na ito ay ibinibigay bilang pangkalahatang impormasyon lamang. Hindi ito ligal na payo. Kung mayroon kang ligal na problema, dapat kang kumunsulta sa isang abogado.

Ang mga nilalaman ng booklet na ito ay tama sa panahon ng paggawa. Isaisip na maaaring nagkaroon na ng kasunod na mga pagbabago na ginagawang luma na ang impormasyon sa panahon na binabasa mo ito. Ang Legal Resource Centre of Alberta Ltd. ay hindi magiging responsable para sa anumang kawalan na dulot ng pagtitiwala sa o aksyon na ginawa (o hindi ginawa) bilang resulta ng impormasyong ito.

PAGKILALA

Nais naming pasalamatang ang Alberta Law Foundation at ang Department of Justice Canada para sa pagbibigay ng pondo sa pagpapatakbo, na ginagawang posible ang mga paglalathala na gaya nito.

Photo Credit: ID 7496021 © Aniszewski | Dreamstime.com

© Legal Resource Centre of Alberta Ltd., Edmonton, Alberta • Huling Binago 2020

Tumatakbo bilang: Centre for Public Legal Education Alberta

Ang Legal Resource Center of Alberta Ltd, na tumatakbo bilang Center for Public Legal Education Alberta, ay isang organisasyong walang kita na ang misyon ay tulungan ang mga tao na maunawaan ang batas dahil nakakaapekto ito sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Bumubuo kami ng mga simpleng wika na booklet, mga presentasyon, at iba pang mga materyales sa pag-aaral upang matulungan ang mga tao na makilala at tumugon sa kanilang mga ligal na karapatan at responsibilidad. Mayroon kaming iba't-ibang mga programa, at nagbibigay ng ligal na impormasyon at mga sanggunian sa maraming mga ligal na paksa. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bumisita sa www.cplea.ca.



#800, 10050 112 Street
Edmonton, Alberta T5K 2J1

Phone 780.451.8764
Fax 780.451.2341
Email info@cplea.ca
Web www.cplea.ca

Talaan ng Nilalaman

Ano ang Pang-aabuso sa Nakatatanda?	4
Pisikal na Pang-aabuso	5
Emosyonal na Pang-aabuso	6
Pinansyal na Pang-aabuso	7
Sekswal na Pang-aabuso	8
Pagpapabaya at Pagapabaya sa Sarili	9
Pagtalakay sa Pang-aabuso	10
Pag-uulat ng Pang-aabuso	11
Pagpapatigil sa Pang-aabuso	12
Mga Utos ng Proteksyon	12
Emergency Protection Orders (EPO)	13
Queen’s Bench Protection Orders (QBPOs)	14
Mga Utos sa Eksklusibong Pag-aari	14
Restraining Orders	15
Mga Peace Bonds	16
Mga Mapagkukunan	18

Ano ang Pang-aabuso sa Nakatatanda?

Senior's Abuse Support Line

780.454.8888 (24 Oras)

Alberta Family Violence Information Line

Para sa mapagkukunan ng impormasyon sa iyong lugar.

Toll Free: 780.310.1818 (24 Oras)

Calgary Elder Abuse Resource Line

403.705.3250 (24 Oras)

Kung hindi mo kayang bayaran ang isang abogado, tumawag sa **Resolution and Court Administration Services**

toll-free sa 1.855.738.4747

o bisitahin ang kanilang website sa

www.rcas.alberta.ca

Ang pang-aabuso sa nakatatanda (elder abuse) ay anumang pagkilos o kakulangan ng pagkilos na ginawa (o hindi ginawa) sa layunin na pumipinsala sa isang nakatatanda. Ang pinsala ay maaaring maging pisikal, emosyonal, sekswal, sikolohikal, pinansiyal, o kumbinasyon ng ilan sa mga ito. Ang pagpapabaya sa isang nakatatanda sa pamamagitan ng hindi paggawa ng isang bagay ay maaaring maging kasing mapang-abuso ng aktwal na pagpalo o pisikal na pananakit sa nakatatanda.

Maaari mong maramdaman ang pangangailangang maprotektahan ang iyong mga anak, asawa o iba pang mga miyembro ng pamilya, kahit na masama ang pagtrato nila sa iyo, ngunit ang mapang-abusong pag-uugali ay hindi mabuti para sa iyo o para sa nang-aabuso sa iyo. Walang sinuman ang nararapat na masaktan.

Ang isang malapit na kaibigan, kamag-anak o tagapag-alaga ang madalas na nagdudulot ng pang-aabuso sa nakatatanda. Ito ay isang mapagkontrol na pag-uugali. Ang pang-aabuso ay hindi titigil sa sarili nito. Kapag pinabayaan, magpapatuloy ang pang-aabuso at maaaring lumala pa.

Kung ikaw ay isang nakatatanda na nakakaranas ng pang-aabuso, HINDI MO ITO KASALANAN!

Pisikal na Pang-aabuso


Ang pisikal na pang-aabuso (physical abuse) ay dulot ng pagbibigay ng pisikal na pinsala sa isang nakatatanda.

Kasama sa pisikal na pang-aabuso ang mga pag-uugali gaya ng:

- pag-sedate (pagpapatahimik) sa isang tao sa pamamagitan ng pagbibigay ng sobrang gamot (over-medication);
- hindi pagbibigay ng sapat na gamot (under-medication) sa isang tao kapag ang mga gamot ay kailangan para sa isang problemang medikal;
- pagpigil o hindi pagbibigay ng sapat na pagkain;
- sadyang paglalantad sa isang tao sa malalang panahon; o
- pisikal na pagkukulong sa isang tao sa mahahabang panahon.

Mga Palatandaan ng Pisikal na Pang-aabuso:

- mga marka o pisikal na pinsala na hindi maipaliwanag (o kung saan ang paliwanag ay mahirap paniwalaan);
- paulit-ulit na pagbagsak;
- atensyong medikal na hinanap mula sa iba't-ibang mga doktor o klinika;
- mga pinsala na hindi nakatanggap ng angkop na atensyong medikal;
- pagkaantala sa paghanap ng paggamot;
- pagkalito o kapaguran dahil sa sobrang gamot;
- patuloy na pagdurusa dahil sa isang kondisyong medikal bilang resulta ng kakulangan ng gamot;
- pagkawala ng kakayahang kumilos bilang resulta ng pagpigil;
- depresyon;
- mga senyales ng takot sa ilang mga miyembro ng pamilya, kaibigan, o tagapag-alaga;
- mga kandado sa mga pintuan;
- mga kandado sa mga pinaglalagyan ng pagkain; o
- mga hindi pangkaraniwang marka sa mga kasangkapan mula sa pagpigil.



Emosyonal na Pang-aabuso

Maaaring kasama sa emosyonal o sikolohikal na pang-aabuso ang:

- pagbabanta na gawin ang isang bagay sa nakatatanda o sa isang bagay o tao na mahal niya;
- kalupitang pang-kaisipan;
- panghihiya;
- sapilitang pakikisama o pag-iisa;
- pagtrato sa nakatatanda na parang bata; o
- hindi pinapayagan ang nakatatanda na gumawa ng mga desisyon para sa kanilang sarili.

A yellow circular graphic with a drop shadow, containing the text "Alamin ang mga palatandaan!" in bold black font.

Mga Palatandaan ng Emosyonal na Pang-abuso:

- pagpapakita ng takot sa ilang mga miyembro ng pamilya, kaibigan, o tagapag-alaga;
- paglayo sa iba, pagkawalang-kibo, pagkabalisa, pagkabahala, kawalang-malasakit, o pagkalungkot nang walang anumang malinaw na dahilan;
- hindi maipaliwanag na paranoya o takot;
- pisikal na mga palatandaan ng pag-iisa;
- hindi pangkaraniwang pagtaas/pagbaba ng timbang;
- ayaw makipag-usap nang hayagan;
- paggawa ng paiba-ibang pahayag;
- hinihintay ang tagapag-alaga na sumagot sa mga tanong;
- kapansin-pansing mga pagbabago sa ugali kabilang ang pag-iwas na tumingin nang direktso;
- mababang pagpapahalaga sa sarili;
- hirap sa pagtulog o kailangan ng mahabang tulog;
- paggawa ng dahilan para mapag-isa; o
- hindi pinapansin, tinatrato nang walang kibo, o tinatrato na parang bata ng tagapag-alaga.

Hikayatin ang mga nakatatanda na panatilihin ang kanilang network ng mga kaibigan upang maiwasan ang pag-iisa.

Pinansyal na Pang-aabuso

Maaaring kasama sa pinansyal o materyal na pang-aabuso ang:

- pagnakaw ng pera, mga kagamitan, credit card, o tseke ng pensiyon;
- pagpilit sa nakatatanda na gumawa o baguhin ang Kapangyarihan ng Abogado (Power of Attorney), Matibay na Kapangyarihan ng Abogado o Habilin;
- paggaya ng lagda sa mga personal na tseke o ligal na mga dokumento;
- pagtago ng pera na kailangan ng nakatatanda;
- pagkumbinsi sa nakatatanda na mamuhunan sa isang mapanlinlang na pamamaraan sa pamumuhunan;
- pagpilit sa nakatatanda na magserbisyo nang walang bayad;
- pagpilit, pagkumbinsi o paglinlang sa nakatatanda na ibenta ang bahay o mga kagamitan, o magbayad para sa mga di-kailangang serbisyo; o
- pag-abuso sa mga responsibilidad na Kapangyarihan ng Abogado, Guardianship, o Trusteeship.

Mga Palatandaan ng Pinansyal na Pang-abuso:

- pagkalito tungkol sa kanilang sariling mga pananalapi;
- paglagda ng isang dokumento nang hindi sinasabihan ng mga kahihinatnan nito;
- pagkabigong gumawa ng mga pinansiyal na pagpipilian/ desisyon;
- mga miyembro ng pamilya na lumipat nang walang kasunduan o nang hindi nakikibahagi sa mga gastos;
- nakakaranas ng hindi pangkaraniwang aktibidad sa bangko o ATM na ginawa para sa kanila;
- nagsisimulang magpakita ng pagkakaiba sa pagitan ng kita at pamantayan ng pamumuhay;
- nawawalang mga kagamitan;
- biglaan o hindi maipaliwanag na kahirapan sa pagbabayad ng mga bayarin; o
- pagtangga na gumastos ng pera nang walang pagsang-ayon ng kanilang tagapag-alaga.

Elder Abuse Intervention Team

Isang magkatuwang na pagsisikap ng Catholic Social Services, Edmonton Police Service, at City of Edmonton Community Services.

Nagbibigay ng pagtatasa, impormasyon at direktang interbensyon sa mga kaso ng pang-aabuso sa nakatatanda.

780.477.2929

Senior's Abuse Support Line

780.454.8888 (24 Oras)

Alberta Family Violence Information Line

Para sa mapagkukunan ng impormasyon sa iyong lugar.

Toll Free: 780.310.1818 (24 Oras)

Calgary Elder Abuse Resource Line

403.705.3250 (24 Oras)

Ang **malnourishment** ay isang kakulangan ng tamang nutrisyon, na sanhi ng hindi sapat na pagkain o hindi sapat na pagkain ng mga tamang bagay.

Sekswal na Pang-aabuso

Kasama sa mga halimbawa ng sekswal na pang-aabuso ay:

- sapilitang paglapat sa bibig gaya ng paghalik;
- paghawak o pagyakap;
- kontak sa maselang bahagi ng katawan;
- oral sex;
- pagtatalik; o
- sapilitang pagkakatantad sa pornograpiya.

Ang sekswal na pag-atake ay maaaring maging marahas o pilit. Ang pamimilit ay hindi gumagamit ng pisikal na puwersa. Nangyayari ito kapag ang isang tao ay gumagamit ng pagmamaniplula, presyon o banta upang mapilit ang isang tao na gawin ang hindi nila nais gawin.

Anumang hindi hindi ginustong pakikipag-ugnayang sekswal ay sekswal na pag-atake.

Mga Palatandaan ng Sekswal na Pang-aabuso:

- pananakit, pagdurugo, o pagkakaroon ng pasa sa maselang bahagi o iba pang mga bahagi ng katawan;
- depresyon;
- mga palatandaan ng takot, paglayo sa iba, pagkabalisa, o hindi tumututol;
- natutulog nang mas mahaba o mas maikli sa karaniwan;
- hirap na magtiwala sa iba;
- nagkakaroon ng adiksyon sa droga o alak;
- nakakaranas ng mga "flashback";
- gumagawa ng mga bagay na nakakapinsalasa sarili;
- nabawasan ang tiwala sa sarili.

Pagpapabaya at Pagpapabaya sa Sarili

Maaaring kasama sa pagpapabaya ang:

- pagkabigo na magbigay ng sapat na damit, pagkain, gamot, pansariling pangangalaga, kalinisan, pangangalagang medikal o mga aktibidad sa lipunan; o
- paglalagay sa nakatatanda sa isang hindi ligtas o nakahiwalay na kapaligiran.

Ang pagpapabaya ay maaaring sinasadya o hindi sinasadya. Ang hindi sinasadyang pagpapabaya ay maaaring mangyari kapag ang isang tagapag-alaga ay hindi nagbibigay ng mga pangangailangan dahil sa kakulangan ng kasanayan, impormasyon o interes.

Mahalagang matukoy ang kaibahan sa pagitan ng pagpapabaya na dulot ng ibang tao at pagpapabaya sa sarili na dulot ng nakatatanda na hindi inaalagaan ang kanilang mga sarili.

Kapag pinipili ng isang taong nasa wastong pag-iisip na mabuhay sa isang sitwasyon ng pagpapabaya sa sarili, maaaring mahirap itong tulungan. Sa pangkalahatang pananalita, ang mga tao ay may karapatang mamuhay sa paraang gusto nila basta hindi sila gumagawa ng krimen o nagiging panganib sa iba.

Mga Palatandaan ng Pagpapabaya

- mga pisikal na palatandaan ng **kakulangan sa nutrisyon** gaya ng nanunuyong mga labi, pamumutla (pamumutla ng balat) o sobrang pagbaba ng timbang;
- hindi malinis ang hitsura o hindi angkop ang kasuotan para sa panahon;
- kakulangan ng mga kinakailangang gamot, kasangkapan, pustiso, pantulong sa pandinig, pantulong sa pagkilos, o salamin sa mata;
- bihirang pagligo o hindi mabuting pangangalaga sa kalusugan;
- kawalan ng pagpipigil;
- pisikal o mental na panghihina nang walang medikal na kadahilanan;
- pagkukulong;
- mapanganib na paglalakad;
- kakulangan ng mga groseri; o
- mga pamantayan sa pagluluto o pangangalaga ng bahay na maaaring humantong sa isang aksidente o sakit.

Pagtalakay sa Pang-aabuso

Kapag napansin mo ang mga palatandaan ng pang-aabuso, mahalaga na talakayin ang lahat ng mga posibleng kalalabasan ng interbensyon o pakikialam sa mga inaabuso.

Maraming mga kadahilanan kung bakit hindi sinasabi ng mga tao ang tungkol sa pang-aabuso:

- pagkahiya na tinatrato sila ng masama ng miyembro ng pamilya kaya kailangan nilang panatilihin lihim ang pang-aabuso;
- takot na palalain ang sitwasyon, na magdudulot ng higit pang pang-aabuso;
- takot na ilagay sa isang institusyon;
- takot na mawalan ng isang tagapag-alaga o mawalan ng kaugnayan sa isang miyembro ng pamilya;
- paniniwala na nararapat lang ang nangyayari sa kanila;
- paniniwala na hindi sila matutulungan ng pulisya o ng serbisyong panlipunan; o
- paniniwala na hindi nila mapaptunayan na may nangyayaring pang-aabuso.

Mahalaga na ang nakatatanda ay sumasang-ayon sa anumang mga aksyon na gagawin, maliban kung ang nakatatanda ay walang kakayahan sa pag-iisip. Mag-ingat sa pagharap sa mga kaso ng pinaghihinalaang pang-aabuso dahil ang nang-aabuso ay maaaring gumawa ng negatibong aksyon. Gayundin, tandaan na igalang ang dangal ng nakatatanda na maaaring piliing tanggapin o tanggihan ang tulong.

Depende sa indibidwal, maaari mong simulang talakayan sa nakatatanda ang tungkol sa pang-aabuso sa pamamagitan ng:

- direkta at magalang na pagtanong kung nagaganap ang pang-aabuso;
- paghikayat sa kanilang makipag-ugnayan sa iba gaya ng doktor, abogado, o social worker;
- pagkilala sa mga benepisyo na makakatulong sa kanila na maging mas independiente;
- pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa pagpapayo para sa inaabuso o nang-aabuso;
- pagpapaliwanag na ang pagprotekta sa reputasyon ng nang-aabuso ay hindi magpapatigil sa pang-aabuso;
- paghikayat sa paggamit ng mga serbisyo sa komunidad gaya ng mga drop-in center; o
- pagtulong na gumawa ng appointment upang makakuha ng isang masusing pagtatasa sa kalusugan.


Pag-uulat ng Pang-aabuso

Walang tiyak na kriminal na paglabag sa “epang-aabuso sa nakatatanda.” Gayunpaman, may mga kriminal na paglabag na nalalapat sa iba't-ibang anyo ng pang-aabuso sa nakatatanda.

Ang karamihan ng batas kriminal ay nakalatag sa *Criminal Code*, na nalalapat sa lahat ng mga lalawigan at teritoryo sa Canada.

Sa ilalim ng *Criminal Code*:

- ang “assault” o pag-atake ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pagtatangka o pagbabanta na gamitin ang puwersa sa ibang tao kung naniniwala ang ibang tao na ang nang-aabuso ay may kakayahang isagawa ang pagkilos;
- Kasama sa panliligalig ang pag-uugali ng pananakot na pag-uugali na nakadirekta sa ibang tao kung saan natatakot ang taong iyon para sa kanyang kaligtasan;
- kasama sa pagbabanta ang sadyang pagpapahayag, pagpapasa, o pagiging sanhi ng pagtanggap ng sinuman ng isang banta na:
 - patayin o pisikal na pinsalain ang isang tao;
 - sunugin, wasakin, o sirain ang ari-arian; o
 - patayin, lasunin, o pinsalain ang isang hayop o ibon na pag-aari ng biktima.



Maaari mong i-ulat ang isang kriminal na bagay sa pulisya kahit na hindi ka direktang kasangkot.

Kung nais mong imbestigahan ng pulisya ang posibilidad ng pang-aabuso sa nakatatanda, kailangan mong “maglatag ng impormasyon” sa istasyon ng pulisya. Ito ay isang pahayag na naglalarawan kung anong uri ng pang-aabuso na sa iyong paniniwala ay nagaganap at sinusumpaan o pinatutunayan sa ilalim ng panunumpa sa harap ng isang hustisya ng kapayapaan o hukom. Pagkatapos ay iimbestigahan ng pulisya ang sitwasyon at magpapasya kung mayroon silang sapat na katibayan upang kasuhan ang nang-aabuso sa isang kriminal na pagkakasala.

Ang ilang piraso ng batas ng Alberta ay pumuprotekta sa mga nakatatanda sa pang-aabuso.

Ang karagdagang impormasyon ay makikita sa:

www.oaknet.ca

<https://www.cplea.ca/ABLawsElderAbuse.pdf>

Pagpapatigil sa Pang-aabuso

Para sa mas detalyadong impormasyon sa:

- Mga Emerhensiyang Utos sa Proteksyon
- Mga Utos ng Proteksyon ng Korte ng Reyna

Bisitahin ang:

<https://www.cplea.ca/DomesticViolenceSeries>

Alberta's Queen Printer

Para sa libreng kopyang elektroniko o print ng mga Batas o Regulasyon

www.qp.alberta.ca

Depende sa kalubhaan ng sitwasyon at sa relasyon sa pagitan ng nang-aabuso at sa nakatatanda, may mga iba't-ibang uri ng utos ang korte upang mapahinto ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng nang-aabuso at ng nakatatanda.

Mga Utos ng Proteksyon

Sa Alberta, may batas na tinatawag na *Protection Against Family Violence Act*. Ang batas na ito ay nagbibigay ng paraan para sa isang miyembro ng pamilya na nakakaranas ng pang-aabuso, kapulisan, o ibang tao na kumikilos na may pahintulot ng inaabusong tao na mag-aplay para sa isang Utos ng Proteksyon (Protection Order).

Ang mga Utos ng Proteksyon ay ipinagkakaloob kapag nakakaranas ang mga miyembro ng pamilya ng karahasan sa pamilya.

Kasama sa karahasan sa pamilya ang:

- anumang aksyon o kawalan ng aksyon na nagdudulot ng pinsala o pinsala sa ari-arian at na tumatakot o nakakapinsala sa isang miyembro ng pamilya;
- anumang aksyon o bantang aksyon na tumatakot sa isang miyembro ng pamilya sa pamamagitan ng paglikha ng makatwirang takot ng pinsala sa ari-arian o pinsala sa isang miyembro ng pamilya;
- sapilitang pagkukulong;
- sekswal na pang-aabuso; o
- pagsubaybay nang palihim (stalking).

Ang ibig sabihin ng miyembro ng pamilya ay:

- isang kasalukuyan o dating asawa;
- isang kasalukuyan o dating adult interdependent partner;
- isang taong kasalukuyan o dati mong kinakasama nang may romantikong relasyon;
- isang magulang ng iyong mga anak (kahit na wala na kayo sa isang relasyon o hindi nagsasama);

- isang tao na kadugo mo, relasyon dahil sa kasal o pag-aampon o dahil sa isang adult interdependent relationship;
- iyong mga anak o ibang mga bata sa iyong pangangalaga;
- isang taong kinakasama mo kung saan ang isang tao ay may pangangalaga at kustodiya sa isa pa alinsunod sa isang utos ng korte (gaya ng isang utos ng guardianship o trusteeship).

May dalawang uri ng Utos ng Proteksyon:

1. **Emergency Protection Orders (EPOs);**
2. **Queen's Bench Protection Orders (QBPOs).**

Emergency Protection Orders (EPOs)

Ang isang EPO ay ipinagkakaloob sa mga sitwasyong pang-emerhensiya sa anumang oras (24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo). Ipinagkakaloob ito ng isang hustisya ng kapayapaan o hukom ng Hukumang Panlalawigan.

Sa kadalasan ay ipinapahayag ng isang EPO na ang nag-aabuso ay hindi maaaring makipag-ugnayan sa biktima at hindi maaaring lumapit sa ilang mga lugar kung saan regular na pumupunta ang biktima. Ang EPO ay maaari ring magbigay sa inaabusong tao ng eksklusibong paninirahan sa isang tirahan kung ang nag-aabuso at ang inaabuso ay nagsasama.

Kapag ang isang EPO ay inisyu na ng korte, ang isang kopya ng utos ay ibibigay sa nang-aabuso, karaniwang ay sa pamamagitan ng pulisya o ng isang tagapagsilbi ng proseso. Kapag may kopya na ng EPO ang nang-aabuso, kailangan niyang sumunod sa utos. Kung ang nang-aabuso ay hindi susunod sa utos, ang inaabusong tao ay maaaring makipag-ugnayan sa pulisya.

Ang isang EPO ay susuriin sa loob ng siyam na araw ng pagtatrabaho matapos itong ipagkaloob. Sa panahong iyon, ang utos ay maaaring kanselahin o kumpirmahin o sa halip ay maaaring ibigay ang isang QBPO.

Upang makakuha ng isang EPO, makipag-ugnayan sa iyong lokal na pulisya o ahensya ng mga serbisyo ng biktima. Sa Alberta, maaari ka ring makipag-ugnayan sa **Emergency Protection Order Program ng Legal Aid Alberta** para sa libreng payo at tulong.

Para sa mga payo o tulong sa mga EPO sa Alberta, makipag-ugnayan sa:

Legal Aid Alberta

toll-free 1.866.845.3425

<http://www.legalaid.ab.ca/help/Pages/Emergency-Protection-Orders-Domestic-Violence.aspx>

Queen's Bench Protection Orders (QBPOs)

Ang QBPO ay katulad din ng EPO ngunit ipinagkakaloob ito sa mga hindi emerhensiyang sitwasyon. Ang isang nang-aabuso ay kailangang makatanggap ng abiso na ang inaabusong tao ay gumagawa ng aplikasyon para sa isang QBPO. Ang QBPO ay ipinagkakaloob ng isang hustisya ng Korte ng Queen's Bench ng Alberta. Maaari itong maging epektibo nang isang taon at palawigin pa kung kinakailangan.

Ang QBPO ay maaaring:

- magpahayag na ang nang-aabuso ay hindi maaaring makipag-ugnayan sa taong inaabuso at hindi maaaring lumapit sa ilang mga lugar kung saan regular na nagpupunta ang inaabuso;
- magbigay sa isang inabusong tao ng eksklusibong okupasyon sa isang tirahan;
- magbigay ng eksklusibong pag-aari sa mga personal na ari-arian sa isang tao, gaya ng sasakyan, may ID na mga dokumento, mga bank card, mga susi, atbp.; at
- kailanganin ang nang-aabuso na bayaran ang inabusong tao para sa mga pagkawala ng pananalapi na pinagdaanan nito, tulad ng pagkawala ng kita, medikal o dental na gastos, mga gastos sa paglipat at akomodasyon, mga ligal na gastos at mga gastusin sa pag-apply para sa QBPO.

Kapag ang isang QBPO ay inisyu na ng korte, ang isang kopya ng utos ay ibibigay sa nang-aabuso, karaniwang ay sa pamamagitan ng pulisya o ng isang tagapagsilbi ng proseso. Kapag may kopya na ng QBPO ang nang-aabuso, kailangan niyang sumunod sa utos. Kung ang nang-aabuso ay hindi susunod sa utos, ang inaabusong tao ay maaaring makipag-ugnayan sa pulisya.

Mga Utos sa Eksklusibong Pag-aari

Ang isang Utos sa Eksklusibong Pag-aari (Exclusive Possession Order) ay isang utos ng korte sa ilalim ng *Family Law Act* or *Matrimonial Property Act* ng Alberta na maaaring magbigay sa iyo ng tanging pagmamay-ari sa tahanan ng mag-asawa o ng pamilya.

Maaaring utusan ng isang korte ang iyong asawa o adult interdependent partner na umalis sa tahanan at maaaring kailanganin silang ihinto ang pagpasok o pagpunta malapit sa tahanan. Ang isang Utos sa Eksklusibong Pag-aari ay maaring magbigay sa iyo ng eksklusibong pag-aari ng sasakyan ng pamilya, mga alagang hayop at iba pang mga gamit sa bahay na maaaring kailanganin mo.

Restraining Orders (RO)

Ang isang Utos ng Pagpigil (Restraining Order) ay isang uri ng utos ng walang pakikipag-ugnayan na inisyu ng isang hustisya ng Korte ng Queen's Bench ng Alberta na nangangailangan sa isang tao na lumayo sa iyo. Maaari kang mag-aplay para sa RO laban sa sinuman na ang pag-uugali ay nagiging dahilan upang matakot ka para sa iyong kaligtasan. Kasama rito ang karahasan sa pamilya.

Ang isang RO ay maaari lamang hilingin sa mga normal na oras ng korte. Sa isang emerhensiyang sitwasyon, ang isang RO ay maaaring ibigay nang walang abiso sa nang-aabuso. Sa mga kasong ito, ang RO ay karaniwang sinusuri sa loob ng 2 linggo upang ang nang-aabuso ay makatugon sa mga paratang.

Sa isang hindi pang-emerhensiyang sitwasyon, ang abiso sa aplikasyon ng RO ay dapat ibigay sa nag-aabuso, na pagkatapos ay maaaring piliin na dumalo sa aplikasyon ng korte at magsalita tungkol sa utos na hinihiling mula sa kanilang pananaw. Magandang ideya ang pagkuha ng isang abogado upang matulungan kang mag-aplay at kumatawan sa iyo sa korte.

Kung hindi ka karapat-dapat para sa isang EPO o QBPO, maaaring ang isang Kautusang Pagpigil may be your next best option.

Ang mga RO ay naiiba sa mga Utos ng Proteksyon (mga EPO at WBPO) sa dalawang pangunahing paraan:

- ang mga ito ay hindi limitado sa mga miyembro ng pamilya; at
- hinaharap lamang nila ang pagpigil sa pakikipag-ugnayan ng mga tao.

Ang isang RO ay hindi maaaring magpalayas sa isang tao sa isang lugar kung saan sila ay may ligal na karapatan na manirahan. Tanging ang Utos ng Proteksyon lamang ang makakagawa nito.

Para sa mas detalyadong impormasyon sa:

- Mga Eksklusibong Utos sa Pag-aari
- Mga Utos sa Pagpigil

Bumisita sa:

<https://www.cplea.ca/DomesticViolenceSeries>

Kung hindi mo kayang bayaran ang isang abogado, tumawag sa **Resolution and Court Administration Services**

toll-free sa
1.855.738.4747

o bisitahin ang kanilang website sa

www.rcas.alberta.ca

Para sa mas detalyadong impormasyon sa:

- Mga Peace Bond

Bumisita sa:

<https://www.cplea.ca/DomesticViolenceSeries>

Alberta Courts

www.albertacourts.ca

Maaaring kasama sa isang RO ang mga espesyal na termino na nagsasaad kung gaano kalayo dapat manatili ang isang tao mula sa iyo at tukuyin ang mga tiyak na lokasyon kung saan hindi maaaring makapunta ang tao o subukang makipag-ugnayan sa iyo. Sa bawat kaso, ang hukom na magbibigay ng utos ang magpapasya sa mga tiyak na termino sa kautusan at kung gaano katagal ito dapat magkaroon ng bisa. Maaari kang humiling o magmungkahi ng mga termino sa hukom, ngunit hindi kailangang tanggapin ng hukom ang iyong kahilingan o mungkahi.

Napakahalaga na isama ang isang termino na nagbibigay sa pulisya ng kapangyarihang arestuhin ang nang-aabuso kapag nasuway ang utos. Ito ay tinatawag na sugnay sa pagpapatupad ng pulisya (police enforcement clause). Kapag kasama sa RO ang sugnay na ito, ang RO ay kailangang irehistro sa pulisya. Kapag sinubukan ng nang-aabuso na makipag-ugnayan sa inaabuso o suwayin ang utos, maaari silang arestuhin ng pulisya.

Ang pagkakaroon ng kautusan ay hindi gumagarantya sa iyong seguridad. Dapat ka pa ring mag-ingat. Magdala ng kopya ng RO sa lahat ng oras upang maipakita ito sa sinumang awtoridad, gaya ng pulisya, na pagkatapos ay maaaring gawin ang kinakailangang aksyon na pag-aresto sa nang-aabuso.

Mga Peace Bond

Ang isang Peace Bond (kilala rin bilang recognizance) ay isang uri ng walang pakikipag-ugnayan na utos na ibinibigay ng hukom ng korteng kriminal. Maaari itong ibigay sa dalawang magkakaibang mga sitwasyon:

- kung saan ang isang tao ay nakagawa ng isang maliit na pagkakasalang kriminal; o
- kung saan ang isang tao ay maaaring gumawa ng isang pagkakasalang kriminal ngunit walang mga makatwirang batayan upang paniwalaan na ang isang pagkakasalang kriminal ay nagawa.

Maaaring utusan ng hukom ang sinasabing nang-aabuso na:

- panatilihin ang kapayapaan at hindi makasuhan ng iba pang mga pagkakasalang kriminal nang hanggang sa isang taon;
- lumayo sa iyong bahay, lugar ng trabaho at iba pang mga lugar kung saan ka madalas pumupunta;
- itigil ang pakikipag-ugnayan sa iyo, sa personal, sa pamamagitan ng koreo o email, telepono, atbp.;

- itigil ang paggamit ng alkohol o droga;
- sa pana-panahon ay magpunta sa pulisya o sa isang probation officer; o
- sumunod sa isang curfew.

Ang pag-aplay para sa isang Peace Bond ay nangangailangan ng pagdinig sa korte. May dalawang paraan upang makahiling ng pagdinig sa korte:

1. Pumunta sa pulisya. Hihiling ang pulisya sa Crown Prosecutor na mag-aplay para sa isang Peace Bond sa ngalan mo.
2. Kung ang pulisya ay hindi sumasang-ayon na magpatuloy, maaari kang direktang pumunta sa Provincial Court ng Alberta at makipag-usap sa isang hustisya ng kapayapaan.

Ang taong inaabuso ay dapat na handang magpakita sa korte at magbigay ng katibayan upang patunayan na may mga makatwirang basehan upang katakutan na ang umano'y nang-aabuso ay maaaring magdulot ng personal na pinsala o pinsala sa pag-aari. Ang hukom ang magpapasya kung naaangkop ang isang Peace Bond.

Maaaring may iba pang mga hakbang sa proseso. Maaaring kapanayamin ng pulisya ang sinasabing nag-aabuso at magsagawa ng imbestigasyon. Maaari silang magsampa ng mga kriminal na kaso o arestuhin ang umano'y nang-aabuso. Maaari nilang hilingin sa umano'y nang-aabuso na sumang-ayon sa mga termino ng Peace Bond.

Kapag ang Peace Bond ay inisyu na ng Korte, kung ang di-umano'y nang-aabuso ay hindi sumunod dito, maaari silang kasuhan at hatulan ng pagkakasala.

Ang peace bond ay hindi maaaring gamitin bilang proteksyon sa emosyonal o pinansyal na pang-aabuso.

Ang Peace Bond ay karaniwang hindi perpekto sa mga sitwasyong pang-emerhensiya sapagkat maaaring magkaroon ng pagkaantala ng dalawa o tatlong buwan mula sa petsa ng kahilingan hanggang sa petsa ng pagdinig.

Mga Mapagkukunan

Mga Serbisyo ng Pamahalaan at Hukuman

Resolution and Court Administration Services (RCAS)

Mga serbisyong pang-resolusyon at pang-korte sa buong Alberta.

Sentro ng Pakikipag-ugnayan:
1.855.738.4747

<https://www.alberta.ca/rcas.aspx>

Alberta Supports

Tumulong sa pag-akses ng higit sa 30 na mga programa at 120 na mga serbisyong pang-komunidad.

Toll-free: 1.877.644.9992

Office of the Public Guardian and Trustee

Mga serbisyo at suporta para sa mga nangangailangang taga-Alberta at sa kanilang mga pamilya.

Toll-free: 310.0000 pagkatapos 780.422.1868

www.alberta.ca/office-public-guardian-trustee.aspx

Mga Serbisyong Ligal

Law Society of Alberta Lawyer Referral Service

Magbibigay ng pangalan ng tatlong abogado. Ang bawat abogado ay magbibigay ng 30 minuto na libreng konsultasyon.

Toll-free: 1.800.661.1095

<https://www.lawsociety.ab.ca/public/lawyer-referral/>

Legal Aid Alberta

Toll-free: 1.866.845.3425

www.legalaid.ab.ca

Edmonton Community Legal Clinic (ECLC)

Ligal na klinika sa Edmonton. Tumawag para sa mga oras at pagiging karapat-dapat.

780.702.1725

www.eclc.ca

Calgary Legal Guidance (CLG)

Ligal na klinika sa Calgary. Tumawag para sa mga oras at pagiging karapat-dapat.

403.234.9266

<http://clg.ab.ca>

Community Legal Clinic – Central Alberta

Ligal na klinika sa Central Alberta.

Tumawag para sa mga oras at pagiging karapat-dapat.

Central Alberta: 403.314.9129

Fort McMurray: 587.674.2282

Lloydminster: 587.789.0727

Medicine Hat: 403.712.1021

www.communitylegalclinic.net

Grande Prairie Legal Guidance

Ligal na klinika sa Grande Prairie. Tumawag para sa mga oras at pagiging karapat-dapat.

780.882.0036

www.gplg.ca

Lethbridge Legal Guidance

Ligal na klinika sa Lethbridge. Tumawag para sa mga oras at pagiging karapat-dapat.

403.380.6338

<http://www.lethbridgelegalguidance.ca/>

Mga Mapagkukunan ng Mga Nakatatanda

Protection for Persons in Care (PPC)

I-ulat ang pang-aabuso sa mga may edad na tumatanggap ng pangangalaga o suporta mula sa mga pampublikong pinopondohan na mga tagapagbigay ng serbisyo.

Toll-free: 1.888.357.9339

www.alberta.ca/report-abuse-to-protection-for-persons-in-care.aspx

Older Adult Knowledge Network

Ligal na impormasyon sa mga batas ng Canada para sa mga may edad.

www.oaknet.ca

Seniors Association of Greater Edmonton (SAGE)

780.423.5510

www.MySage.ca

Kerby Centre (Calgary)

403.265.0661

<https://www.kerbycentre.com/>

Golden Circle Senior Resource Centre (Calgary)

403.343.6074

www.goldencircle.ca

Pang-aabuso sa Nakatatanda

Ang booklet ng ito ay isa sa maraming mga paglalathala na ginawa ng Centre for Public Legal Education Alberta. Ang lahat ng mga paglalathala ay makikita at maaaring i-download nang libre sa pamamagitan ng pagbisita sa www.cplea.ca/publications o sa www.cplea.ca/store

Kasama sa iba pang mga paglalathala na may kaugnayan sa paksang ito na maaaring magustuhan mo ay:

- Paggawa ng Habilin
- Paggawa ng Personal na Direktibo
- Paggawa ng Matibay na Kapangyarihan ng Abogado
- Ang Pagiging Ahente
- Ang Pagiging Personal na Kinatawan
- Ang Pagiging Abogado sa Ilalim ng Matibay na Kapangyarihan ng Abogado
- Mga Pangkalahatang Kapangyarihan ng Abogado
- Batas sa Pangangalaga ng Nakatatanda at Pagiging Katiwala
- Mga Lolo't Lola at Ang Iyong Mga Apo
- Pang-aabuso sa Nakatatanda

Espesyal na pasasalamat sa **Alberta Law Foundation** at sa **Department of Justice Canada** para sa pagbibigay ng pondo sa pagpapatakbo, na ginagawang posible ang mga paglalathala na gaya nito.

Alberta **LAW**
FOUNDATION



Department of Justice
Canada

Ministère de la Justice
Canada

Centre for
Public
cplea
Legal Education
Alberta

Phone 780.451.8764
Fax 780.451.2341
Email info@cplea.ca
Web www.cplea.ca



HINDI ka dapat umasa sa booklet na ito para sa ligal na payo. Nagbibigay lamang ito ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa batas ng Alberta. 2020